# Agosto sa Mindanao

JOSEPH T. SALAZAR

Narito pa rin ang init,
sumisingaw sa bitak-bitak na aspalto.
Pinaayos na raw ang daan ng gobyerno
subalit nakatiwangwang ang karatula ng kontratista
at ang anunsyong nagsasabing:
"Pubic service brought to you by"
ng kung sinong pulitiko.
Nakangiti man siya'y di pa rin maibsan
ang kapangitan sa mukha niyang hindi madaan
sa make-up, Photoshop, at makintab na papel.

Samantala wala pa ring libro
ang mga bata sa kalapit na paaralan.
Nairaos na ang unang periodicals
at nakatiwangwang pa rin sa pisara
ang leksyon tungkol sa ponemang suprasegmental—
mga labi ng katangahan ng mga lingguwistang
ikinakahon ang pagkakatuto ng wika
sa mga tuntuning pambalarila
at iba pang araling bunga
ng istandardisasyong balbal.

Samantala, patuloy na nanlilisik ang balintuna
sa nakatiwangwang na kalsada.
Abala naman ang kabilang bayan
sa pagbungkal ng mga bangkay ng natokhang.
Hindi na maibukod ang bilang ng tinumba
mula sa mga naparatangan lamang
Ang kasaysayang nakasilid sa kanilang hininga'y
kinuyom ng packing tape, walang kadangal-dangal,
ganoon din sila iniharap sa mga naghahanap
na minamahal.

Nabawasan na raw ang adik
at naging mapayapa na ang buhay sa kanila
subalit pumapasok pa rin ang guro sa elementaryang
kimkim ang baril sa bayong. "Security,"
ang sabi nang kami'y magtanong.
Walang kasing-sidhing pagdanas
gaya ng talumpati ng mga pulitiko
sa simula ng mga seremonya bago magsimula
ang mga palatuntunan ng Linggo ng Wikang
pinuno ng mga plakadong palakpak.

Hindi na maibubukod ang kamalayan
ng guro mula sa pulitiko pagdating sa kapangyarihan.
Ganoon din kaya ang tingin niya sa katawan?
Kung ganoon din ang balat kapag pinupunit
ng bakal at pulbura, kung naririnig pa
ang haging nito sa laman.

May katawan din kasing inihahagis ang sarili
sa kung anong kapahamakan
gaya ng mga batang tumatalon sa pantalan,
nagagawang pagtawanan ang alibugha ng paghulog.

May katawan din namang nakaupo lamang
sa lilim ng kawayanan subalit damang-dama
ang hagupit ng hangin at liwanag sa balat.
May katawang tinitiis ang panlalait ng pinagkakautangan;
may katawang ikinulong sa kanyang kasarian;
may katawang nakatanghod sa nakaraan;
may katawang lapitin ng lamok;
may katawang nahahapo ng pagtulog;
may katawang hindi katawan kung walang katabi;
may katawang pampadami lamang ng boto;
may katawang pinagsisilaban ng katwiran;
may katawang nakapiring.

Nakakabkab ang bawat hibla ng balat at laman
gaya ng hayop na nginangatngat ng kanyang mandaragit.

May mga katawang nililigiran ng bakal at aspalto
at pinapastol sa kung anong landas:
sa langit gaya ng minsang ipinangako ng relihiyon,
sa drug-free na lipunang pinatatakbo
ng mga pinalayang mandarambong.

Walang kasing-sidhing kahayupan
ang manumbalik sa parehong mundo
nang di man lang natitiyak kung paano
isinasakatawan itong araw-araw na pagkabihag.

Natutuhan nating umayon sa sinapupunan pa lamang,
wari kuryente ang tinig ng mga kaanak
na nangungusap sa atin sa gayong edad,
gumuguhit sa likod papunta sa matang
alangang dumidilat, alangang kumukurap
binibigkis ang kung anong mayroon
sa ating murang katawan
mula sa dugong pinaaagos ng kanyang puso at pulso
hanggang sa balat na ginigising ng kay lamig na tubig.

Ang lahat—ang daigdig sa labas,
ang kabog ng dibdib,
ang sariling natututong huminga,
sumasabay sa kalma ng sinapupunang hinahagkan,
hinahalikan, inaawitan—ay pakikiisa
sa katawang pinaghihiraman ng hininga't sustansya
mula sa santinakpan.

Nakapanlulumo kung paano tayo
nagkaisip at katawan para lamang gamitin ang mga ito
upang kumbinsihin ang isa't isa
na tunay itong nakapaskil na
"Pubic service brought to you by"
ng kung sinong ganid na pulitiko.